Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata



Ang Dakilang Pader ni Nehemias

Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan ni: Jonathan Hay
Ibinagay ni: Mary-Anne S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Ang Persiya, isang malakas na bansa, ay namuno sa mundo. Si Haring Artaxerxes ay ang pinuno ng Persiya. Kaya't siya ang naging pinakamalakas na pinuno sa mundo. Isa sa mga mahalagang katulong ng hari ay isang Hudyo na pinangalanang Nehemias. Ang kanyang trabaho ay tikman ang pagkain ng hari upang protektahan siya mula sa posibleng pagkalason.



Isang araw, lumapit si Nehemias sa hari ng may malungkot na mukha. Ninais ng hari malaman kung ano ang problema. "Mahal na hari, sana'y maging mahaba ang iyong buhay," sabi ni Nehemias. "Ako ay malungkot dahil ang lungsod na pinaglibingan ng aking mga ninuno ay wasak at ang mga pintuan nito ay sunog." Ang tinutukoy ni Nehemias ay ang Jerusalem, na siyang nawasak sa digmaan maraming taon na ang nakalipas.

Tanong ni Haring Artaxerxes, "Ano ang iyong nais?" "Hayaan ninyo po akong pumunta sa Jerusalem upang ito ay itayo muli," ang pilit ni Nehemias. Sumang-ayon si Haring Artaxerxes. Ibinigay din niya kay Nehemias ang mga opisyal na sulat upang protektahan siya bilang manlalakbay.



Lalo pang tumulong ang hari. Ibinigay niya kay Nehemias ang isang sulat para kay Asaph, na siyang tagapamahala sa kagubatan ng kaharian. Iniutos kay Asaph na magbigay ng kahoy kay Nehemias upang mabuo ang mga pader ng lungsod.



Nang dumating si Nehemias sa Jerusalem, kanyang tinipon ang mga opisyal ng lungsod at sinabi, "Tignan ninyo ang gulo. Ang lungsod ay wasak at ang mga pintuan ay sunog. Ating simulan muli ang pagtatayo."



Sinabi niya sa kanila na ito ay may pahintulot ni Haring Artaxerxes, at ang pinakamahalaga sa lahat, ang Diyos ay nasa kanilang panig.

Ang pananampalataya at sigasig ni Nehemias ay nagpukaw sa mga tao. Sila ay sumang-ayon at sinabi, "Magtayo tayo muli." Sinabi ni Nehemias sa bawat pamilya kung anong bahagi ng pader ang dapat nila gawin.

Subalit hindi lahat ay sumang-ayon na gawin muli ang pader. May isang lalaki na pinangalanang Sanballat, at ang kanyang dalawang kaibigan na si Tobiah at Geshem. Sila ay hindi mga Hudyo,

at hindi nila nais itayo muli ang pader o iayos muli ang mga pintuan.

Habang patuloy ang gawain, lalong nagalit si Sanballat. Siya at ang kanyang mga kaibigan ay nagkutya sa mga Hudyo.

Sabi ni Tobiah, “Kapag natapos gawin ang maliit ng pader na iyon, may isang maliit na asong-gubat ang siyang magpapaguho nito.” Hindi sumagot si Nehemias. Sa halip, siya ay nagdasal na ang Diyos ang makikitungo sa kanila.

Nang ang kanilang mga pagkutya ay walang nagawa, sila ay nagplano na labanan ang Jerusalem at maging sanhi ng gulo. Muli, si Nehemias ay nanalangin ng tulong sa Diyos. Siya rin ay naglagay ng bantay sa araw at gabi.



Ang mga Hudyo ay nagtrabaho ng husto,
kaya't sila ay nagsimula nang mapagod.
Ang iba ay natakot na patayin
sila ng kaaway habang
sila ay nagtatrabaho.
Ngunit hindi pa rin
tinigil ni Nehemias
ang proyekto. Naglagay
siya ng mga bantay sa
paligid, at pinaalalahanan
ang mga tao na ang Diyos
ay nasa kanilang panig,
at ang Diyos ay mas
malakas kaysa sa
anumang kaaway!





Sinubukan ni Nehemias na maging isang magandang halimbawa. Ginawa ni Haring Artaxerxes na maging gobernador ng Jerusalem si Nehemias, na may karapatan humingi ng pagkain at pera mula sa mga tao.

Ngunit hindi ito
ginawa ni Nehemias.
Siya lamang ay
nagpatuloy magtrabaho
sa itinatayong pader
kasama ang mga tao.
Ginamit niya ang
kanyang sariling pera
upang bumili
ng pagkain.

Sa wakas, natapos ng mga tao ang pader, at ang mga pinto lang ang kailangan ilagay sa pangunahing pasukan. Nang marinig ni Sanballet, Tobiah at Geshem na wala ng puwang ang mga pader, sila ay nagplano saktan si Nehemias.

Sila ay nagpadala ng mensahe kay Nehemias upang magkita sa isang lugar na tinatawag na Ono. Ngunit alam ni Nehemias na siya ay sinusubukan linlangin na lumabas ng lungsod at doon saktan ng mga kaaway. Kaya't siya ay sumulat sa kanila na nagsasabing hindi siya makakaalis sa gawain.

Sa wakas,
ang pader ay
natapos na,
at
itinakda
ni Nehemias na ito
ay protektahan
ng mga bantay.

Gumawa din ng patakaran na ang mga pinto ay hindi buksan
hanggang sa pagsikat ng araw. Sa gabi, ang mga pinto ay dapat nakasara.

Dahil ang lungsod ay ligtas na, maraming mga Hudyo na tinapon sa iba't ibang bahagi ng mundo ang nagsibalik sa Jerusalem. Napakasaya ni Nehemias na natapos niya ang gawaing binigay ng Diyos, kahit marami pa ang naging hadlang. Si Nehemias ay nanatili sa Jerusalem at tumulong sa mga tao sa pagsunod sa Diyos.

Ang Dakilang Pader ni Nehemias

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Nehemias

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16